Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**Advisory No. 034 , s. 2023** FEB 02 2023
Pebrero 2, 2023

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang advisory na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO. No. 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.

**TALAANG GINTO: MAKATA NG TAON 2023**

Kalakip nito ang DepEd NCR Advisory No. 35, s. 2023 na may petsang Enero 25, 2023 at may pamagat na ***Talaang Ginto: Makata ng Taon 2023*** para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Bilang karagdagan, ang mga paaralan ay pinapaalalahanan *sa "No Collection and No Selling of Tickets Policy"* na nakasaad sa mga DepEd Order No. 19 at 40, s. 2008 at RA Nos. 4206 at 5546.

**NERISSA ROXAS-LOMEDA PhD**
Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala

JABC/ Talaang Ginto: Makata ng Taon 2023
034/Pebrero 2, 2023

AD-2023-034

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy Tunasan, Muntinlupa City
(02) 805-9935, (02) 805 - 9940
sdomuntinlupa@gmail.com

ISO 9001:2015 Certified No: 18.1519.026

034

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION, DEPED NCR
JAN 27 2023
BY: DATE:
DNCR-F-ORD-038/01112019

Advisory No. 035, s. 2023

SDO-CITY OF MUNTINLUPA
Received 2-1-23
Date 8:55a
Dr. Colle (for Advisory)

Enero 25, 2023
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement, per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/ staff as well as the concerned public
(Visit www.deped.gov.ph)

## TALAANG GINTO: MAKATA NG TAON 2023

Ang Talaang Gintô: Makata ng Taón ay isang patimpalak sa pagsulat ng tula na itinataguyod ng KWF na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilála sa mga batikan at baguhang talino at tinig sa sining ng tula.

Bukás ang timpalak sa lahat ng mga Pilipino—babae man o laláki—maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.

Ang entring ipapasa ay naaayon sa sumusunod:

1. Maaaring magpasa ng isang mahabang tula na malayà (walang tugma at súkat), na may isang daan (100) o higit pang taludtod, o isang koleksiyon ng sampung (10) maiikling tula (10–12 taludtod) na may magkakaugnay na tema.
2. Kinakailangang may pamagat ang ipapásang koleksiyon.
3. Malayà ang paksâ ngunit kailangang tumatalakay sa isang mahalagang paksaing panlipunan sa kasalukuyan. Maaari ding ialinsunod ang paksâ ng kalipunan ng mga tula sa tema ng Buwan ng Panitikan 2023: "Kultura ng Pagkakaisa: Pagpapaalab ng Pagkakaisa sa Pamamagitan ng Panitikan."

Ilagay sa long brown envelope ang sumusunod at ipadala sa adres na nása ibaba:

a. Apat (4) na kopya ng kompiyuterisadong laho magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) na kailanman ay hindi pa ginamit at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok;
b. Gagamitin ang font na Arial 12 pt, may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaprint sa short bond paper na may súkat na 8 ½ x 11 pulgada;
c. Notaryo na nagpapatunay na orihinal at hindi pa nalalathala ang lahok;
d. Entri form (Sagutan, i-print at ilakip);
e. Curriculum vitae at/o bionote ng makata;
f. Isang 2×2 retrato

DNCR-F-ORD-038/01112019

Lupon sa Talaang Ginto 2023
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila
CLMD/mggt

**Talaang Ginto: Makata ng Taón 2023, bukás na sa mga lahok!**

**MGA TUNTUNIN**

1. Ang **Talaang Gintô: Makata ng Taón** ay isang patimpalak sa pagsulat ng tula na itinataguyod ng KWF na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilála sa mga batikan at baguhang talino at tinig sa sining ng tula.
2. Bukás ang timpalak sa lahat ng mga Pilipino—babae man o laláki—maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.
3. Ang entring ipapása ay maaaring isang mahabang tula na may isang daan (100) o higit pang taludtod, o isang koleksiyon ng sampung (10) maiikling tula (10–12 taludtod) na may magkakaugnay na tema. Kinakailangang may pamagat ang ipapásang koleksiyon. Malayà ang paksâ ngunit kailangang tumatalakay sa isang mahalagang paksaing panlipunan sa kasalukuyan. Ang ipapásang mahabang tula o maiikling tula ay malayà (walang tugma at súkat). Maaari ding ialinsunod ang paksâ ng kalipunan ng mga tula sa tema ng Buwan ng Panitikan 2023: **"Kultura ng Pagkakaisa: Pagpapaalab ng Pagkakaisa sa Pamamagitan ng Panitikan."**
4. Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin ng nalathala nang tula, at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon. Ang sinumang mahúli at mapatunayang nagkasála ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
5. Pára sa pagsusumite ng lahok, ilakip sa isang brown envelope ang sumusunod:
   -
   - apat (4) na kopya ng kompiyuterisadong lahok. Gagamitin ang font na Arial 12 pt, may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaprint sa short bond paper na may súkat na 8 ½ x 11 pulgada;
   - Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) na kailanman ay hindi pa ginamit at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok;
   - Notaryo na nagpapatunay na orihinal at hindi pa nalalathala ang lahok;
   - **Entri form** (Sagutan, i-print at ilakip);
   - Curriculum vitae at/o bionote ng makata; at
   - Isang 2×2 retrato ng kalahok.
     Ipadalá ang lahok sa:

**Lupon sa Talaang Ginto 2023**
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila


7. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **14 Pebrero 2023, 5:00 nh**. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.

8. Magpapadala ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok.

9. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Unang gantimpala, PHP30,000 (net) + titulong "Makata ng Taón 2023", tropeo, at medalya;
Ikalawang gantimpala, PHP20,000.00 (net) at plake;
Ikatlong gantimpala, PHP15,000.00 (net) at plake

12. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
13. Ang lahat ng mga natanggap na lahok ay hindi na ibabalik at angkin ng KWF ang unang opsiyon sa paglilimbag ng mga nagwaging akda.
14. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349 o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph


TALAANG GINTO: MAKATA NG TAON
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TALAANG GINTO:
MAKATA NG TAON 2023
Bukás na sa mga lahok!
Ang Talaang Gintô: Makata ng Taón ay isang patimpalak sa pagsulat ng tula na itinaguyod ng KWF na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga batikan at baguhang talino at tinig sa sining ng tula.
Kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin ng nalathala nang tula, at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon. Ang sinumang mahúli at mapatunayang nagkasála ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
www.kwf.gov.ph
komfil@kwf.gov.ph
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
1991